(Homily of ✠Ruperto Cruz Santos, Bishop of Balanga for the patronal feast of St. Vincent Ferrer in Saysain, Bagac on April 22 and in Calaguiman, Samal on May 05)

"*whom you will give birth, an angel who would restore my sight*"

Ano ang nais mo na sa iyong katawan at kaluluwa ay gumaling? Sino sa inyong buhay ang nais mo na sila rin ay gumaling sa kanilang karamdaman at guminhawa sa kabuhayan? Itaas po natin sa ating mahal na patron, San Vicente Ferrer, ang ating mga karamdaman at ang ating mga minamahal na maysakit.

Ang ating mahal na patron, San Vicente Ferrer, ay kilala bilang tagapagpagaling. Noong panahon ni San Vicente (1350-1419) ang Inang Simbahan ay sugatan. Mayroon dalawang Papa. Ang isa ay nasa Roma, Italya at ang isa naman ay nasa Avignon sa Francia. Ang mga tao ay naguguluhan. Ang pananampalataya at ang pagsusunuran ay nahahati. Walang kapayapaan. Walang kaayusan. Sino ang nagsasabi ng tooto? Sino ang gumagawa ng tama? At kanino papanig sa dalawang ito: Papa Benito XIII na nasa Roma o kaya Papa Clemente VII na nakatira sa Avignon.

Si San Vicente ay ang gumamot sa sugat ng Inang Simbahan sa pamamagitan ng kanyang pagpapakasakit, at tamang pangangaral.

Kahit na matalik na kaibigan pa at may-utang na loob si San Vicente kay Papa Benito XIII, sinabihan niya ng mahinahon, may kababaang-loob na bumitiw o magparaya alang-alang sa Inang Simbahan at kilalanin si Clemente VII bilang tunay na ama at Papa ng Inang Simbahan.

Mga kapatid, magagamot natin ang alitan o hidwaan hindi sa pagtuligsa, hindi sa pag-atake at hindi sa pamamagitan ng pagtatalo. Bagkus tulad ni San Vicente sa pamamagitan ng pagiging mahinahon, pagbubukas ng isipan at pagtanggap sa katotohanan.

Wala po maibubunga ang pagbubuhat ng kamay at ang mga masasakit na salita. Wala pong malulutas ang pag-iwas o ang pagtatago. Ang atin mahal na patron, San Vicente ay kumilos, pumunta sa kanilang dalawa at nakipag-usap. Dahil dito harapin po natin ang suliranin, at huwag pagtakpan. Harapin po natin nag pananagutan, at huwag takbuhan. Harapin po natin ang dapat lapitan, ang dapat kausapin, ang dapat kausapin. At huwag iwasan o pagtaguan.

Tulad ng atin mahal na patron, tayo na ang unang gumawa ng paraan, pumunta at handang magpakasakit. At sa pamamagitan ni San Vicente nagkaroon ng kagalingan sa Inang Simbahan. Nawala ang paghahati. Nagkaroon ng kaayusan. Naibalik ang kapayapaan. Naranasan hangang ngayon ang kagalingan.

Ang atin mahal na patron ay kilala din bilang tagapagpagaling ng karamdaman pangkatawan. Sa pansariling karanasan ni San Vicente, ang kanyang ina na si Constancia ay hindi nakaranas ng anumang sakit o hirap nang si San Vicente ay ipinanganak.

Sa pagdadalantao ng kanyang ina, isang bulag ay pumunta kay Constancia ay nagwika "*whom you will birth an angel who would one day restore my sight*." At ito nga po ay si San Vicente. Hindi po ba ang imahen ni San Vicente, ay siya lamang ang santo na mayroon pakpak?

At sa gulang na apatnapu, si San Vicente ay nagkaroon ng matinding sakit, datapuwa't siya ay pinagaling ng Diyos. Nang maibalik ang kanyang kalusugan at kalakasan, si San Vicente ay inatasan na maglakbay at gawin alagad ang mga tao. Sa loob ng dalawamput isang taon ay nalibot niya ang buong Europa at naibalik niya sa pananampalatayang Katoliko ang mahigit na dalawamput limang Hudyo at walong libong mga Moros.

Mga kapatid kay Kristo, hindi po tayo pababayaan ng Panginoong Diyos. Hindi po Niya tayo iiwan. Saan man at kailan man titiyakin ng Diyos na ay magtatagumpay. Na tayo ay maliligtas. Mangyari pa tayo ay Kanyang pupunuin. Tayo ay Kanyang palalakasin at pagagalingin. lbabalik Niya tayo sa dati natin katayuan at kalagayan. Muli natin tatanggapin ang kaginhawaan sa ating mga katawan at kalunasan mula sa atin mga nararamdaman.

Datapuwa't tandaan po natin na tulad ng naganap sa atin mahal na patron, San Vicente, tayo rin ay isusugo at aatasan ng ating Panginoong Diyos. Matapos na tayo ay maligtas, ikaw at ako naman ngayon ang magligtas. Matapos na ikaw at ako ay mahalin at patawarin, tayo naman ngayon ang magpatawad at magmahal. Tayo na pinalakas at pinagaling ay nararapat na tayo ngayon ang maging tulay at kasangkapan ng Diyos upang sila ay lumakas at gumaling din.

Mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, sino ang ninanais mong gumaling? Ano ang nais mong kagalingan sa inyo at sa inyong mga mahal sa buhay? Itaas natin ito at sila sa ating mahal na patron, San Vicente Ferrer.

✠Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP ECMI Chair